Tunay na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan : ay hindi nanalangin sa [Qunut] maliban kapag ipinapanalangin niya ang mga taong [Muslim] o ipinapanalangin niya ang mga taong [Hindi mananampalataya]

Ayon kay Anas bin Mālik, malugod si Allāh sa kanya.Tunay na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan : ay hindi nanalangin sa [Qunut] maliban kapag ipinapanalangin niya ang mga taong [Muslim] o ipinapanalangin niya ang mga taong [Hindi mananampalataya]

[Tumpak] [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Khuzaymah]

Ipinapahayag sa Marangal na Hadith ang mga lugar na nanalangin [ng Qunut] rito ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan.at ito sa:kalagayang pananalangin niya sa mga Taong [Muslim],o sa kalagayang pananalangin niya sa mga Taong [Hindi mananampalataya],At dito ay nalalaman ang pagpapahintulot sa pananalangin ng [Qunut] sa mga [oras ng] kalungkutan,at hindi naisalaysay sa mga obligadong pagdarasal ang mga pananalangin ng [Qunut] liban rito,At ito ay ginaganap lamang sa mga kasalukuyang pangyayari at sa [oras ng] kalungkutan,Sapagkat ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay hindi nanalangin ng [Qunut] maliban kapag ipinapanalangin niya ang mga Taong Muslim o -ipinapanalangin niya ang mga Taong hindi mananampalataya,at ang pananalanging [Qunut] na ito ay hindi nakatalaga sa isang dasal lamang na wala sa ibang mga dasal,Datapuwat nararapat ang pagganap rito sa lahat ng mga dasal.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/10934